ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PANG UNAWA NG MGA MAG-AARAL SA PANITIKANG PANREHIYON AT BASIHAN SA PAGBUO NG PANTULONG NA BABASAHING-PANSANAY SA FILIPINO

**Michelle P. Ramos[1], Josephine B. Baguio[2]**
[1] *Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*
[2] *Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra23035
DOI No: 10.36713/epra23035

**ABSTRAK**

*Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon at matukoy ang mga salik sa pagtuturo na may kaugnayan sa pagpapaangat ng kanilang kakayahang umunawa. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Tarragona, Rehiyon XI, Sangay ng mga Paaralan sa Lungsod ng Davao Oriental para sa Taong Panuruan 2023-2024. Kalahok sa pag-aaral ang 165 mag-aaral sa Baitang 8 mula sa limang seksyon na pinili sa pamamagitan ng simple random sampling. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong disenyo upang masukat ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa limang batayang aspekto: pang-unawang literal, interpretasyon, mapanuring pagbasa, aplikasyon sa binasa, at pagpapahalaga. Ipinakita ng resulta na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon ay nasa katamtamang antas sa lahat ng dimensyon. Natukoy rin sa pag-aaral ang ilang salik sa pagtuturo na may kaibahan sa pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral, gaya ng pagkakaroon ng kontekstuwalisadong babasahin, malikhaing estratehiya sa pagtuturo, at partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampanitikan. Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng mga pantulong na babasahing-pansanay sa Filipino 8 na maaaring gamitin upang mapalawak at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon. Iminumungkahi na gamitin ang mga nabanggit na materyal sa regular na pagtuturo ng asignaturang Filipino at isagawa ang mas maraming interaktibong gawain na naglalayong isulong ang pagpapahalaga sa lokal na panitikan at kultura. Mahalaga ring magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro upang higit nilang mapayaman ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon.*

**MGA SUSING SALITA**: *Panitikang Panrehiyon, Antas ng Pag-unawa, Babasahing-Pansanay, Filipino 8, Salik sa Pagtuturo*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay tumutukoy sa mga akdang pasulat na nagpapahayag ng karanasan, damdamin, kaisipan, at kwento ng isang tao. Maaari itong nakabatay sa katotohanan o likhang-isip lamang na may tiyak na layunin. Ayon kay Azarias (2019), may dalawang pangunahing uri ng panitikan: piksyon at di-piksyon. Ang piksyon ay tumutukoy sa mga kathang-isip o gawa-gawang akda, samantalang ang di-piksyon ay batay sa totoong pangyayari at karanasan. Itinuturing ang panitikan bilang mahalagang yaman ng kultura—isang pamana ng nakaraan na nagiging tulay ng pagkakaunawaan ng iba't ibang lahi at bansa. Sa pamamagitan ng masining na pahayag, naipapadama nito ang himig ng kasaysayan, damdamin ng bayan, at saloobin ng bawat henerasyon.

Ayon kina Azarias at Capistrano (2019), batay sa Gabay Pangkurikulum ng Filipino para sa Baitang 8, ang pagtuturo ng panitikan ay nakaangkla sa panrehiyonal na perspektibo. Layunin nitong linangin ang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa panitikang mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Gayunpaman, isa sa mga suliranin sa kasalukuyang sistema ng edukasyon ang kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa mga panitikang rehiyonal. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdulot ng mababaw na pagkilala sa sariling kultura, pinagmulan, at kasaysayan—isang hamon para sa mga guro at tagapagbuo ng kurikulum (Lee et al., 2015).

Sa pandaigdigang konteksto, inilalahad ni Kuelan (2010) ang karanasan ng bansang Tanzania kung saan masigla ang panitikang bayan ngunit hindi ito naipapasa sa kabataang mag-aaral. Bilang tugon, isinama ng kanilang Ministri ng Edukasyon ang panitikang ito sa kurikulum upang mapanatili at maisabuhay ng kabataan ang kanilang sariling kultura (Sauco, 2018). Sa Africa naman, batay sa pananaliksik ni Lee (2015), humaharap ang mga mag-aaral sa suliraning may kaugnayan sa mababang antas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling panitikan, kung saan halos 70% ay hindi batid ang kabuluhan ng kanilang panitikang kinagisnan.

Samantala, sa Pilipinas, binibigyang-diin ng bagong kurikulum sa Filipino ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikan mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Kabilang sa mga genre na tinatalakay ay alamat, mito, bugtong, palaisipan, tulang panudyo

o tugmang de-gulong, maikling kuwento, at sanaysay. Layunin nitong palawakin at palalimin ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon upang kanilang mapahalagahan at maabot ang mga inaasahang kompetensi.

Bukod dito, ninanais ng kurikulum na maipakita sa kabataang Pilipino ang kagandahan at karunungan na taglay ng mga tradisyonal at makabagong akdang pampanitikan. Inaasahan din na sa pamamagitan nito ay matutuhan ng mga mag-aaral na pahalagahan ang mga saloobin at karanasang pinanday ng kanilang mga ninuno, at magamit ito bilang inspirasyon sa sariling malikhaing pagsulat at paglikha (Pineda, 2010).

Gayunpaman, ayon kay Cruz (2010), nananatiling suliranin ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng kanilang sariling karanasan sa mga akdang panrehiyon. Nagiging sanhi ito ng mababang antas ng pag-unawa at pagninilay sa mga aral na taglay ng panitikan. Apektado rin ang kanilang pagganap sa mga pagtatayang ibinibigay ng guro, bunga ng kakulangan sa masusing pag-aaral ng mga akda.

Bunga ng mga nabanggit na hamon, isinagawa ng mananaliksik ang isang pag-aaral na sumusuri sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga panitikang panrehiyon. Mula sa mga datos na nakalap, bumuo ang mananaliksik ng mga pantulong na babasahing pagsasanay para sa asignaturang Filipino 8, na layuning mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikang nagmula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng pang unawa sa panitikang panrehiyon ng mag-aaral sa baitang 8 ayon sa sumusunod na indikeytor:
1.1 pang-unawang literal;
1.2 interpretasyon;
1.3 mapanuring pagbasa;
1.4 aplikasyon sa binasa; at
1.5 pagpapahalaga?
2. Ano-ano ang salik sa pagtuturo ang may kaibahan sa pagpapaangat sa pang unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon?
3. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong pantulong na babasahing-pansanay sa Filipino sa Filipino 8 ang maaaring mabuo?

**Teoretikal at konseptuwal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay pinapatnubayan ng teorya nina Gibson (2007) at Swhwitzgebel (2014) na ang pang unawa sa mga akdang panliteratura ay mahalagang matamo ng isang mag-aaral upang lubusang makilala at maunawaan ang kaniyang pinagmulan at lahing nagluwal sa kanya. Sa ganitong lente, nauunawaan ng bata ang kaniyang sariling lugar o bansa dahil Nakilala niya ang mga akdang naging kaugnay ng kaniyang bayang sinilangan. Ang teoryang ito ay sinuportahan ng sumusunod; napaliwanag sina Greene at Maxine (2000) na ang natutuhan ng mag-aaral sa pang unawa ng panitikan ay nakabatay sa karanasang produkto ng kulturang kinagisnan. Ang pananaw na ito ay pinaniniwalaan nina De Long at Fahey (2010) na magkaugnay ang pang unawa ng mag-aaral sa antas ng kasanayan sa larangan panitikan. Ayon sa ginawang pananaliksik ni Allington (2012), mapauunlad ng mga mag-aaral ang bawat kasanayan kung malawak ang pag-unawa nila sa pang unawa ng panitikang binasa tulad alamat, bugtong/palaisipan, maikling kwento, tulang panudyo at sanaysay.

Si Kim (2010) ay nagsabi na ang kasaysayang pampanitikan ng rehiyon ay dapat maipaunawa sa mga mag-aaral bago pa sila mag-aral ng mas malawak na saklaw ng panitikan. Ito ay kailangan upang malinang ang mahahalagang pundasyon at pangunahing kasanayan at kompentensi ng pag-aaral ng literature. Sa mga unang baitang ng pag-aaral mahalagang ituro. Ang mga panitikang panrehiyon dahil kalugod-lugod ito sa panlasa ng mga bata at mas magiging interesado silang basahin ang mga ito. Sa pagpapatayog ng kanilang pang unawa, ang mga kasanayan pampanitikan ang naging lawak ng pag-aaral.

Ang paliwanag na ito ay nauugnay rin sa teorya nina Lewis at Ferreti (2009) na ang interpretasyon ng kasanayan ay lubusang matamo ng mag-aaral kung nailalahad niya ang tunay na kaisipan o diwa sa pagitan ng mga pangungusap ng kuwento. Sinang-ayunan naman sa teorya nina Pithers at Soden (2010) na ang mapanuring pagbasa na kasanayan ay kailangan matamo ng mga mag-aaral upang pagkatapos mabasa ang isang akda ay makapagbigay sila ng sariling pasya tungkol sa katangian, kabuluhan, at pagkatotohanan ng akda. Pinatutunayan din sa teorya ni Jenkins (2014) na ang aplikasyon na kasanayan sa binasa ay kailangang matamo ng mag-aaral upang mailalapat at maiiuugnay ng mag-aaral ang pangyayari sa kuwento sa kanilang personal na kararanasan. Sa panghuli, ayon kina Oatley at Hogan (2011), ang kasanayang pagpapahalaga sa panitikang binasa ay kailangang mapaunlad ng mag-aaral upang kaniyang madama ang kagandahang ipinahiwatig ng nilalaman ng kuwento at maipahayag ang damdamin o saloobin sa katangian ng mga tauhan na kapupulutan ng aral sa tunay na buhay. Nakikita sa Talungguhitan Bilang 1 ang konseptuwal na modelo ng isang maanyong dayagram na nagpapakita ng mga baryabol na pinag-aaralan gayudin ang kanilang indikeytor na batayan ng pagtataya ng baryabol.

Sa kahong nasa kaliwa, nakikita ang malayang baryabol na: pang unawa ng panitikang panrehiyon. Ito ay may mga indikeytor na: pag-unawang literal, interpretasyon, mapanuring pagbasa, aplikasyon sa pagbasa at pagpapahalaga.

Ipinakita naman sa hugis diyamante ang awtput ng di-malayang baryabol na babasahing-pansanay sa baitang 8.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188




**Disenyo ng Pananaliksik**
Deskriptib na disenyo ng pananaliksik at kwantitatibong paraan ang ginamit sa pag-aaral na ito. Sa disenyong ito, wika nina Calmorin at Calmorin (2007) na ang pinakatuon ng pag-aaral ay ilarawan ang kasalukuyang kondisyon ng mga pinag-aaralang baryabol at phenomenon. Nilalayon din ng disenyong ito na tumuklas ng panibagong katotohanan. Ang mga natutuklasang katotohanan ay maaaring magtaglay ng bagong anyo tulad ng pagtaas ng antas ng pang unawa at kaalaman, bagong simulain, batas at paglalahat, bagong ugnayan ng mga baryabol at bagong pagtatakda ng mga suliranin na kailangan ng lunas.

Mahalaga ang palarawang pananaliksik (deskriptibo) sa paglalatag ng mga datos na maaaring pagbatayan ng siyentipikong mga hatol, paghahain ng mga kaalaman tungkol sa kalikasan ng mga phenomenon, pagsasagawa ng malapitang obserbasyon at balidasyon sa gawi, saloobin, mga patakaran at Pagbabalangkas ng mga polisiya ng iba't ibang larang at disiplina (Calmorin at Calmorin, 2017). Nasa uring kwalitatibo naman ang pag-aaral kung pag-aaral kung ito ay ginamitan ng pakikipanayam. Angkop ang desinyong ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang tunguhin nito ay tukuyin ang antas ng kabatiran ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon-Filipino 8 ng mga mag-aaral ng mataas na paaralang pambansa ng Lungsod ng Tarragona. Ang mga datos na nalikom ay ginawang batayan sa pagbuo ng mga suplemental na gawaing pansanay sa Filipino.

**Mga Kalahok ng Pag-aaral**
Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng ikapitong baitang (Grade 8) ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Tarragona, Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Lungsod ng Davao Oriental, Rehiyon XI para Taong Panuruan 2023-2024. Distribusyon ng mga Kalahok ng Pag-aaral. Mga Pangkat: Baitang 8- Seksyon 1 ay 28, Baitang 8- Seksyon 2 ay 32, Baitang 8- Seksyon 3 ay 35, Baitang 8- Seksyon 4 ay 69, Baitang 8- Seksyon 5 ay 30 lahat na kabuuan ay 165. Ginamit sa pag-aaral na ito ang simple random ng mga mag-aaral ng ikawalong baitang. May limang (5) na pangkat na kalahok ng pag-aaral. Makikita sa talahanayang ang pangkat. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng baitang 8 na nasasangkot sa pag-aaral na ito ay 165.

**Instrumento sa Pananaliksik**
Dahil sa kawalan ng istandardisadong talatanungan, minarapat ng mananaliksik na maghanda ng talatanunggang susukat sa pinag-aaralang baryabol. Kinasangkapan ng mananaliksi sa pag-aaral na ito ang talatanungan upang matuklasan ang antas pang unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon. Ang talatanungang ito ay ay binuo ng limang bahagi. Bawat indikeytor ay may limang aytem na siyang maglalarawan sa katayuan ng mga paksang pinag-aaralan. Ang bawat indikeytor ay may tig-lilimang aytem. Bawat aytem ay akmang sinuri ng mga dalubhasa upang matamo ang pagka-balido nito at matugunang ang lahat ng katanungang hinihingi sa pag-aaral upang mailatag ang pagkamapanghahawakan ng instrument, sinubok ito gamit ang angkop na Reliability Test-Retest at lumabas ang r value na .713 o mataas na antas ng reliability. Ang mga aytem ay kinuha mula sa mayamang literaturang naging bahagi ng pag-aaral na ito. Ito ay mahusay na binuo ng mananaliksik sa tulong ng kaniyang tagapayo. Ang mga aytem ay ibinatay sa rebyu ng kaugnay na pag-aaral at mga literatura. Pinili lamang ang mga aytem na magbibigay larawan sa pag-aaral pagkatapos ng ilang konsultasyon sa kaniyang tagapayo. Inilimbag ang pangwakas na sipi pagkatapos masuri ng mga dalubhasa upang matukoy ang pagkabalido nito. Matapos maisagawa ang pagtutuwid at balidasyon, nagpakopya ang mananaliksik ng sapat na bilang ng tatanungan para sa paglikom ng mga datos. Ginamit sa pag-aaral na ito ang angkop na palaantasan upang mabunyag ang antas ng pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

**Pangangalap ng Datos**
Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Davao Oriental, upang maisasagawa ang pag-aaral. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-uganayan siya sa punog-guro (school manager) ng paaralan, kung saan ginawa ang pag-aaral. Pinangasiwaan ng mananaliksik at ilang mga guro ng Filipino ang pagbibigay ng pagsusulit. Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral gamit ang mga angkop na formula ng estadistika.

**Pagsusuri ng Datos**
Ang sumusunod na formula sa estadistika ay ginamit ng mananaliksik para sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos:
Ang Mean ay ginamit upang mabunyag ang antas ng kabatiran sa panitikang panrehiyon.

## RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 1. Antas ng Pang unawa sa Panitikang Panrehiyon**

| BIg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pag-unawang Literal | 3.25 | Katamtaman |
| 2. | Mapanuring pagbasa | 3.09 | Katamtaman |
| 3. | Aplikasyon sa Binasa o Paglalapat | 3.07 | Katamtaman |
| 4. | Interpretasyon | 3.20 | Katamtaman |
| 5. | Pagpapahalaga | 3.04 | Katamtaman |
| | **Kabuuan** | **3.13** | **Katamtaman** |

Batay sa nakalap na datos, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon ay nasa katamtamang lebel, gaya ng ipinakita sa kabuuang mean na 3.13. Ipinahihiwatig nito na may batayang kakayahan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan, subalit nangangailangan pa rin sila ng mas malalim na paglinang sa iba't ibang aspekto ng pagbasa at pag-unawa. Sa limang batayang kategorya, pinakamataas ang naging iskor ng mga mag-aaral sa pag-unawang literal na may mean na 3.25, na nagpapakita na mas madali para sa kanila ang pagkuha ng tuwirang impormasyon mula sa teksto. Sumunod naman ang interpretasyon na may mean na 3.20, na nagpapahiwatig ng kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng sariling pagpapakahulugan sa kanilang binasa. Ang mapanuring pagbasa ay nakakuha ng mean na 3.09, samantalang ang aplikasyon o paglalapat sa binasa ay may mean na 3.07. Ang mga ito ay nagpapakita na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-uugnay ng binasa sa karanasan ay nasa katamtamang antas pa rin. Ang pinakamababang iskor ay nasa pagpapahalaga na may mean na 3.04, na nagpapakita na may pangangailangan pang paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-halaga sa mga kaisipang inilahad sa akda. Sa kabuuan, bagama’t may kasanayang taglay ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa panitikang panrehiyon, kinakailangan pa rin ang mas pinatibay na mga estratehiya sa pagtuturo upang higit nilang maunawaan, mapahalagahan, at maisabuhay ang mga aral mula sa panitikan.

**Mga Salik sa Pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon ang may Relasyon sa pang unawa ng Mag-aaral**

Ang mananaliksik ay nagtuturo sa isang paaralan na nagpapatupad ng tanging kurikulum para sa kursong panlahat (general curriculum). Ang sumusunod ay mga salik na natukoy mula sa panayam. Mga Salik ng Pagtuturo, Maunlad na Kasanayan sa Pagbasa, Sapat na Kagamitang Pampagtuturo and Pagpapahalaga sa Aralin.

Sapat na Kagamitang Pampagtuturo. Ayon sa ibinigay na kahulugan nina Abad at Alwright ang kagamitang pampagtuturo ay ang lahat na bagay na makikita sa silid-aralan na makatutulong sa pag-aaral at ito rin ang nagsisilbing gabay ng guro sa kaniyang pagututuro. Idinagdag pa ni Abad (1996) ang kagamitang pamtuturo ay ginamit na pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, palagay, kaalaman, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang maging kongkreto, tunay, dinamiko at ganap ang pagkatuto. Kaya, ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang pampagtuturo ay mahalagang salik upang matugunan ang pagtuturo at pagkatutuo ng mga mag-aaral.

Pagpapahalaga sa Aralin. Ang mga aralin ay ginagamit ay pag-aaral ng upang makaalam ng mga katotohanan at mga pamamaraan na patungkol sa isang partikular na paksa. Ang mga aralin na nilikha para sa institusyong pang-edukasyon ay maaaring inilathala sa anyong nakalimbag, makukuha mula sa internet bilang mga e-book o elektronikong mga aklat. Kung kaya ang pagpapahalaga sa aralin ay isa ring mahalagang salik sa paguturo ng panitikan na ginamit bilang motibasyon upang magkaroon ng wastong pag-unawa at pagkatulo ang mga mag-aaral.

Maunlad na Kasanayan sa Pagbasa. Ayon pa kay Baltazar (1977), ang pagbasa ay kasangkapan sa pagkatuto ng mga pang unawa ukol sa iba’t ibang larangan ng pamumuhay. Sa katunayan, 90% sa napag-aralan ng tao ay mula sa kanyang karanasan sa pagbasa. Mas nahahasa din ang kaisipan ng isang mag-aaral upang matamo niya ang malalalim na ideya, mga argumentong pangangatwiran at nababatid ang implikasyon ng kaniyang binabasa kaya mapapalawak niya ang kaalaman, talasalitaan at mga karanasan. Dahil ditto, ang pagtamo ng maunlad na kasanayan sa pagbasa tutugon sa iba’t ibang disiplina tulad ng panitikan.

**Konklusyon**

Batay sa mga pagsusuri sa mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod na konklusyon: nasa antas katamtaman ang pang unawa ng mga mag-aaral sa panitikang parehiyon. Ibig sabihihin nito nasa antas katamtaman ang pang unawa ng mga mag-aaral; ang mga salik na natukoy upang mapaunlad ang pagtuturo ng Filipino ay: maunlad na kasanayan sa pagbasa at sapat na kagamitang pampagtuturo at pagpapahalaga sa aralin. Mula sa mga natuklasan, luminang ang mananaliksik ng pagsasanay na maaaring gamitin sa pagtuturo at pag-aaral ng panitikang panitikang panrehiyon.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at nabuong konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihahain ng mananaliksik para mga guro sa Filipino upang isaalang-alang ng mga kinauukulan: palawakin ang gamit ng Filipino sa pamamagitan ng masinsinang pagtuturo nito lalo na sa asignaturang Filipino sa ika-8 baitang; kailangan ding luminang ang paaralan ng mga babasahin at journal para sa wikang Filipino na may pokus sa mga panitikang panrehiyon o mga panitikan mula sa rehiyon ng Davao o kalawakang Mindanao. Sa antas ng pang unawa na hindi saklaw sa pag-aaral na ito. Iminumungkahi rin na gamitin ang inihandang kagamitang pampag-aaral at tayahin ang kabisaan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nito para sa ibayong pagpapaunlad at pagpapayaman para sa susunod pang mga pag-aaral.

MUNGKAHING PROGRAMA: "Panitikang Rehiyonal, Ugat ng Pagkakakilanlan"
Layunin: Paigtingin ang antas ng pag-unawa, pagpapahalaga, at partisipasyon ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon bilang salamin ng kultura at kasaysayan ng kanilang pinanggalingan.

I. Layunin ng Programa
- Maipakilala sa mga mag-aaral ang mga anyo ng panitikang panrehiyon mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao.
- Mapalalim ang pag-unawa sa kasaysayan at kulturang nakapaloob sa mga akdang panrehiyon.
- Mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, magpahayag, at magpahalaga sa panitikan ng sariling rehiyon.
- Mahikayat ang mga mag-aaral na lumikha ng mga orihinal na akdang pampanitikan na may temang pangkultura.

II. Target na Benepisyaryo
Mga mag-aaral sa Baitang 8
- Mga guro sa Filipino at Edukasyon sa Pagpapakatao
- Klub sa Panitikan at mga kaguruan sa sining at kultura

III. Mga Inaasahang Resulta
- Tumaas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga anyo ng panitikang panrehiyon.
- Dumami ang mga gawaing pampanitikan sa silid-aralan na nakasentro sa lokal na kultura.
- Lumawak ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga guro at mag-aaral sa mga tradisyon at kasaysayang rehiyonal.
- Makalikha ang mga mag-aaral ng mga akdang orihinal na nagpapakita ng pagpapahalaga sa sariling kultura.

IV. Inisyatibo at Gawain

| Gawain | Layunin | Panahon | Tungkulin |
|---|---|---|---|
| Panitikang Sulok (Rehiyonal na Aklatan) | Magpakilala ng rehiyonal na babasahin at literatura | Buong taon | Guro sa Filipino at tagapangasiwa ng silid-aklatan |
| Linggo ng Panitikang Panrehiyon | Magdaos ng mga patimpalak gaya ng pagsulat, sabayang pagbigkas, at dula | Agosto | Kagawaran ng Wika at Klub sa Panitikan |
| Panitikan Mo, Panitikan Ko | Pagbabahagi ng sariling akda ng mag-aaral sa klase | Buwan-buwan | Mga mag-aaral sa tulong ng guro |
| Pagsasanay para sa Guro | Pagbibigay ng seminar-workshop sa pagtuturo ng lokal na panitikan | Taunan | Pambansang Guro Trainer at Tagapamahala ng Paaralan |
| Panitikang Expo | Paglalantad ng likhang pampanitikan ng mga mag-aaral | Katapusan ng taon | Guro sa Filipino at mga magulang |

V. Paraan ng Pagsusuri at Ebalwasyon

| Uri ng Pagsusuri | Layunin | Panahon ng Pagsasagawa | Pamamaraan |
|---|---|---|---|
| Pre-Program Survey | Sukatin ang panimulang kaalaman at kamalayan ng mag-aaral | 1 linggo bago ang programa | 15-item multiple choice at likert scale na may tanong ukol sa kaalaman, saloobin, at interes |
| Post-Program Survey | Tukuyin ang epekto ng programa sa kaalaman at saloobin ng mag-aaral | 1 linggo pagkatapos | Katulad ng pre-survey para sa paghahambing ng resulta |
| Refleksyon ng Mag-aaral | Sukatin ang lalim ng pag-unawa at personal na koneksyon sa panitikan | Sa bawat aktibidad | Talang sanaysay na may gabay na tanong ukol sa kahalagahan ng natutunan |
| Ebalwasyon ng Guro | Tayaing ang partisipasyon at kalidad ng output ng mga mag-aaral | Matapos ang bawat aktibidad | Rubric-based na pagtataya at obserbasyon sa klase |
| Portfolio Assessment | Sukatin ang kabuuang progreso sa pagkatuto | Sa pagtatapos ng semestre | Koleksyon ng akda na may repleksyon at peer/self-assessment |
| Interview o Focus Group | Makalap ang mas malalim na pananaw ng mga mag-aaral | Mid at post-program | Open-ended na talakayan sa piling mag-aaral mula sa iba't ibang baitang |
| Observation Checklist | Masuri ang aktibong pakikilahok sa mga aktibidad | Sa bawat gawain | Pamantayang obserbasyon tulad ng kooperasyon, pagkamalikhain, at respeto sa kultura |
| Feedback Form ng Guro at Magulang | Tukuyin ang pananaw ng stakeholders sa epekto ng programa | Huling linggo ng programa | Simpleng form na may bukas at saradong tanong |

B. Pamantayan sa Pagtataya ng Output ng Mag-aaral

| Kategorya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Di-Kasapatan (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malalim at orihinal; may koneksyon sa panitikang panrehiyon | May ideya at ugnay sa tema | May ilang ideya ngunit hindi malinaw | Walang kaugnayan sa paksa |
| Estilo at Wika | Masining at akma sa anyong rehiyonal | Angkop at malinaw | May kaunting hindi malinaw na bahagi | Hindi maunawaan o di-wasto |
| Kultura at Identidad | Maliwanag ang pagpapakita ng kulturang panrehiyon | May palatandaan ng lokal na tema | Bahagyang konektado | Walang ugnayan sa kulturang lokal |
| Presentasyon | Malikhain, organisado, at kapansin-pansin | Maayos at malinaw | Katamtamang husay | Magulo o kulang sa detalye |

C. Pagtataya ng Tagumpay ng Programa

- Hindi bababa sa 75 porsyento ng mga mag-aaral ang magpapakita ng pagtaas sa post-survey score kumpara sa pre-survey.
- Hindi bababa sa 80 porsyento ang magiging partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa panitikang panrehiyon.
- Ang kalidad ng output ay papasa o hihigit sa antas na "Mahusay" batay sa itinakdang rubric.
- Magkakaroon ng positibong tugon mula sa guro, magulang, at mag-aaral tungkol sa epekto ng programa sa pag-uugali, pagkatuto, at pagpapahalaga sa kultura.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Almario (2015). Pagsasalin ng Ben Singkol ni F. Sionil Jose sa Filipino: Pagsipat sa Teksto at Konteksto Bilang Angkla ng Saling Pampanitikan. Malay, 29(2).*
2. *Azarias, R. A., & Capistrano, F. M. (2019). Teaching Difficulties in Pronunciation: The Case of Oral Communication Teachers. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 2(6), 361-373.*
3. *Braaksma at Couzijin (2009). Pag-unawa sa ating pagtula: Pagsusuri at kasaysayan ng panulaang Filipino. Inilathala at ipinamamahagi ng Anvil Pub..*
4. *Chi (2010). Ang Antas ng Institusyonalisasyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman Bilang Tagapamahala ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas. Malay, 31(2).*
5. *Cox (2015). Wikang FIlipino, Wikang Pa (pa) tay. Katipunan, 5(1), 1-1.*
6. *Cathy at Goldman (2014). Pagsasalin at Pagtuturo ng Literaturang Pilipino sa Pagbuo ng Pambansang Panitikan. Daloy, 5(1), 1-1.*
7. *Cruz (2010). Panitikang Pilipino, Panimula, jheff6.Tripod.com, 2005, nakuha noong 25 Abril 2009.*
8. *Da Silva (2016). Kapit sa Patalim, Liwanag sa Dilim: Ang Wika at Panitikang Filipino sa Kurikulum ng Kolehiyo (1996*
9. *2014). HASAAN, 2(1), 1-1.*
10. *De Long at Fahey (2010). Kasaysayan, sining, Lipunan: ang poLitiKa ng panitiKan sa MaKabagong panahon. Kritika Kultura, 24, 247.Allington (2012).*
11. *Dobai (2015). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1).*
12. *Erkaya (2015). Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang Desaparasidos ni Lualhati Bautista. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
13. *Felipz. (2019). Panitikan ng Pilipinas, Pinoy Henyo Beta, PinoyHenyo.com, 2007, nakuha noong 25 Abril 2019.*
14. *Freeman, 2010). Ang Filipino Bilang Disiplina: Sakop, Lawak, at Potensiya ng Pagtuturo ng Panitikan Kaugnay ng Bagong Kurikulum Bunsod ng K to 12. Katipunan, 1(1), 1-1.*
15. *Gaboy, Luciano L. Empirical (2018). Gabby's Dictionary: Praktikal na Talahuluganang Ingles-Filipino ni Gabby/Gabby's Practical English-Filipino Dictionary, GabbyDictionary.com.*
16. *Georgiu at Verdugo (2010). Ekolohikong Imahinasyong Filipino: Bagyong Yolanda, Pagbabago sa Klima, at Imperyalismo sa Tula at Tuluyang Filipino. Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (4), 35-62.*
17. *Gibson (2007). Francisco, J. M. C. (1977). Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo. Philippine Studies, 186-214.*
18. *Goatly (2010). Ang Pagtatag at Pag-unlad ng Programang Filipino at Pananaliksik Tungkol sa Pilipinas sa mga Unibersidad sa Tsina. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 26.*
19. *Goldman (2014). Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang Desaparasidos ni Lualhati Bautista. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
20. *Greene at Maxine (2000). Panitikang Bikol at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa. Malay, 30(1).*
21. *Goldman, 2014). Lokal na kasaysayan, Tayabas, Obra Maestrang Filipino, Rizal, Panitikan. MALAY, 29(1), 1-1.*
22. *Hearts (2010). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan. The Normal Lights, 10(2).*
23. *Huntress (2014). Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura. PSU Multidisciplinary Research Journal, 3(1).*
24. *Isa. (2019). Panahon ng Nobela, google.public.translators, nakuha noong 25 Abril 2019.*
25. *Jenkins (2014). Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaryong Tulang Radikal Tungo sa Kontekstwalisasyon ng Kritisismong Marxista. DALUMAT E-Journal, 1(1), 1-1.*

26. *Kampf, 2017). Ang Wika ng Pagpapalaya at ang Papel ng Akademya. Malay, 22(1).*
27. *Kashmir (2018). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (1).*
28. *Keulen, J. E. V. (1995). Why Is There an Overrepresentation of African Americans in Special Education Classes?. College of Education Review, 7, 76-88.*
29. *Kim (2010). Kung sino ang kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp: mga imbestigasyon sa panitikan ng kolonyalismo. Anvil Pub..*
30. *Kurland (2012). Looking into the Different Perceptions of Teachers Upon the Pending Removal of the Filipino.*
31. *Kuamag (2012). Ang Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Pranses (Panayam). Daluyan: Journal ng Wikang Filipino.*
32. *Lacson, 2011). Notes on National Language & Literature Advocacy and Research Productivity: The Case for Filipino and Panitikan (Literature) as Required Subjects in Philippine Colleges and Universities. Available at SSRN 3519798.*
33. *Lnley (2011) at Travers (2015). Tungkol sa Realismo sa Nobelang Filipino. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 21(1).*
34. *Lee, Y. H., Kim, Y. T., Oh, G. J., Kim, N. H., Cho, K. H., Park, H. Y., ... & Kim, H. S. (2015). Effects of community-based education and advocacy intervention on public awareness about the warning signs of stroke and the golden window of time. Korean Journal of Health Education and Promotion, 32(1), 1-10.*
35. *Lambirth (2013). Pinakamahaba ang gabi sa panitikan: mga tula at poetika ng pangangapuhap.*
36. *Lewis at Ferreti (2009). Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media at Diskurso ng Bata. Malay, 21(1).*
37. *Mead at Telly (2012). Ang Impluwensiyang Rizal sa Ilang Piling Anyo ng Panitikan at Pelikula sa Pagdaan ng Panahon. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 25.*
38. *Marshall (2018). Panitikan ng rebolusyon (g 1896): Isang paglingon at katipunan ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto. University of the Philippines Press.Latindresse (2014).*
39. *Mirabel, 2011).. Pagtatanghal ng Tulang Akeanon: Papel ng Vernakular sa Pag-akda ng Pambansang Panitikan. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
40. *Moon (2017). Pitong Sulyap sa Pilosopiya ng Wika ni Padre Ferriols.*
41. *McPeck at Scriven (2016). Panitikan Png Pilipinas. Rex Bookstore, Inc..*
42. *Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Malay, 32(1).*
43. *Oatley at Hogan (2011). Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
44. *Ozdemir (2010). Panitikang Mapagpalaya o Mandaraya? Isang Holistikong Kritika sa Kasalukuyang Panitikang ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7-10. Dalumat E-Journal, 5(1), 1-1.*
45. *Pineda, (2010). Panitikang Filipino Naka-arkibo 2009-01-24 sa Wayback Machine., Tungkol Saan ang Modyul na Ito? at iba pa, Wikispaces.com, pahina 1-51, nakuha noong 25 Abril 2009.*
46. *Pennebaker (2010). Tagalog/Pilipino/Filipino: Do they differ. Dila Blog. Available at: http://dila. ph/FilipinoisnotTagalog. pdf (accessed 31 August 2020).*
47. *Pithers at Soden (2010). Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
48. *Pugh at Johnson (2013). ALAALANG PAMPANITIKAN: Si E. San Juan, Jr. sa Panitikang Filipino. Kritika Kultura, (26).*
49. *ivas, Virgilio Aquino. (2016). Continuation from Literary Approaches by Virgilio Rivas, Kafka's Ruminations, An Instructional Tool in Teaching Philosophy and Related Disciplines, Daily/Weekly Personal Journal, 27 Hulyo 2016.*
50. *Sauco, (2018). Consolacion P. Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4*
51. *Sauco, Consolacion P. (2018).Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4*
52. *Swhwitzgebel (2014). Laranjo, R. O. (2017). Ang Klaster o Kambal-Katimg sa VVikang Filipino: Kasaysayan, Estruktura ng Silabol at mga Prinsipyo. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 23.*
53. *Tolentino, 2019). Pagtahak sa kristal na uniberso: ang sentimentalismo sa panulaang Filipino.*
54. *Wifield at Gutrie (2010). Hagkis ng Halakhak: Ang Nagpapatuloy na Kabuluhan ng Kritika ni Hernandez sa Pulitika sa Magkabilang Mukha ng Isang Bagol. Social Science Diliman, 8(2).*
55. *Winz at Niona (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. The Normal Lights, 14(2).*